

Maglaro Tayo!

Mga Aktibidad para sa mga Pamilya



SET
1

Pakikipag-ugnayan sa
Iba, sa mga Materyales,
at sa Mundo



Buod

Ang Maglaro Tayo! Mga Aktibidad para sa mga Pamilya ay idinebelop ng BC Ministry of Education para sa mga pamilya at caregivers upang suportahan ang early learning experiences ng mga bata sa pamamagitan ng paglalaro at pagkakaroon ng kasiyahan.

Ang bawat aktibidad na laro ay maiuugnay sa isa sa Living Inquiries na nakalarawan sa BC Early Learning Framework, tulad ng:

- Pakikipag-ugnayan sa Iba, sa mga Materyales, at sa Mundo
- Komunikasyon at Karunungan Magbasa at Magsulat
- Mga Identidad, Panlipunang Responsibilidad, at Diversity
- Ang Kapakanan at ang Pagiging Kabahagi





Layunin ng mga aktibidad na lumikha ng mga karanasan na naglalaan ng lubos na kasiyahan sa mga pamilya. Pinabubuti ng kasiyahan ito ang mainam na social at emotional development sa mga bata. Ang mga aktibidad ay maingat na pinili upang hikayatin ang pagpapahiwatig at pagpapalawak ng mga interes at mga ideya ng mga bata at upang magbigay ng mga bago at masiglang setting para makapag-explore ang mga bata. Ang “paano” na seksyon ay nagbibigay ng mga ideya kung paano maaring iakma ang bawat aktibidad sa mga batang may iba’t-ibang mga kakayahan.

Mga karagdagang tip:

- Hikayatin ang iyong anak na simulan ang paglalaro, batay sa kanyang mga kagustuhan at/o mga tanong;
- Walang tama o maling paraan upang maglaro gamit ang mga aktibidad;
- Kapag nagtatanong sa iyong anak ng mga bukás na katanungan (may ibinibigay na mga halimbawa), bigyan siya ng sapat na panahon upang maproseso ang mga ito at upang siya’y makasagot;
- Gamit ang mga salita, ilarawan kung ano ang ginagawa ng iyong anak habang siya’y naglalaro; at,
- Kapag may kahirapan o problema, suportahan ang mga bata sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na lutasin ang mga problema. Halimbawa, sabihing “Oo, mahirap nga. Ano kaya ang iba nating magagawa?” Kapag inimbita ang mga bata na mag-isip sa ganitong paraan, mapapabuti ang kanilang skill development at madaragdagan ang kanilang kompiyansa sa sarili.

Masiyahan sa pagkukuwento sa iyong anak! Ang bawat aktibidad ay may isa o higit pang mga iminumungkahing libro na may kinalaman sa mga paksa ng aktibidad. Ang mga iminumungkahing libro ay kasalukuyang nasa ilang mga library, at ang mga ito’y iba’t-ibang picture books at mga kuwento, mga libro ng impormasyon at board books. Kung hindi mo mahanap ang isang libro, magtanong sa mga tauhan sa library upang matulungan ka nila o upang makapagrekomenda sila ng ibang libro. Maaari mo ring tingnan kung may mga libro at mga kuwento na nakasulat sa wikang sinasalita ng iyong pamilya sa tahanan.

Maglaro at magkasiyahan na tayo!



Maging isang Kaibigan



Ano

Ang isang karaniwang perspektibo ay “kinakailangan ang buong bayan upang magpalaki ng bata.” Ang ibig sabihin nito’y ang buong komunidad ay may tungkulin, sa iba’t-ibang mga paraan, sa pagpapalaki ng mga bata, at kinakailangan ang iba’t-ibang mga tao at pagtingin para malusog na lumaki ang bata. Ang mga bata ay natututo mula sa kanilang mga magulang, mga caregiver, komunidad, at mga nakatatanda. Gagayahin at susundan nila ang mga kilos ng mga nakatatanda sa kanila, kabilang ang kung paano makihalubilo sa iba. Hetong ang ilang mga ideya upang tulungan ang iyong anak na makaramdam na siya’y ligtas at konektado sa komunidad at sa mga tao sa kanilang paligid sa pamamagitan ng pagpraktis ng skills sa pakikipagkaibigan at pagdibelo ng pagiging maramdamin (empathy) gamit ang paglalaro.

1 Ihanda ang Kapaligiran

Kapag may social activity na mangyayari (child care, paaralan, birthday party, pagpunta sa isang community centre, playdate, o pakikipaglaro sa isang kapatid), kausapin ang iyong anak tungkol sa mangyayari, kung sino ang maaaring naroroon, at kung paano sila maaaring magpraktis na maging mabuting kaibigan.


Tanungin ang iyong anak kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin ng pagiging isang kaibigan. Mainam ang magmungkahi ng ilang mga bagay upang simulan ang pakikipag-usap o maaaring may nabasa kang mga kuwento tungkol sa mga kaibigan. Ang pagkuwento tungkol sa iyong sarili bilang isang halimbawa kung saan kasali ang iyong anak ay makapagbibigay din sa kanya ng ilang mga ideya. Kapag mas maraming mga ideya ang naiisip ng iyong anak, mas mauunawaan at matatandaan niya ito. Hetong ang ilang mga halimbawa ng pagiging isang mabuting kaibigan:

- Pagbahagi ng mga laruan/mga materyales
- Pagsalit-salit ng paglaro sa laruan o aktibidad
- Pagpapakilala ng iyong sarili at pagngiti
- Pagtugon kapag may kumakausap sa iyo
- Pagiging magalang at paghingi ng pahintulot na maglaro
- Pagtulong o pag-alok ng tulong
- Pagbahagi sa iba ng kung ano ang gusto mo sa kanila o sa kanilang pagsisikap

2 Maglaro!

Pumili ng isang ideya ng iyong anak o isang ideya mula sa listahan sa itaas upang ipraktis ito habang kayo ay naglalaro. Maglaro kayo ng mga bata at ipakita kung paano magbigay ng mga laruan at o magsalit-salit sa paglalaro. Ipakita kung paano ang kooperasyon at kung paano maging palakaibigan, at sabihing “Hetong ang isang bola para sa iyo” o “Ikaw naman sa slide!”

Pagkatapos ng aktibidad, sabihin sa iyong anak na napansin mo kung ano ang kanyang prinapraktis at sabihing napansin mo na mayroon siyang bagong sinubukan. Kung napansin mo na natutuwa rin ang ibang mga bata, ipaliwanag sa iyong anak kung ano ang iyong nakita. Halimbawa, “Binigyan mo ng kotse ang isang kaibigan at malaki ang kanyang ngiti! Gusto niyang ipakita ito sa kanyang nanay! Mukhang masaya siya.”



Bakit

Ang pagpraktis na maging kaibigan ay tutulong sa iyong anak na

- Magdibelop ng mabuting pakiramdam sa sarili, makaramdam na siya’y kabahagi, at na siya’y hindi umaasa sa iba
- Pahusayin ang kanyang komunikasyon
- Magdibelop ng pagkontrol sa sarili at kung paano kayanin ang nangyayari
- Magkaroon ng skills sa pag-aayos ng mga pagtutunggali at kolaborasyon

Paano

Magkunwa-kunwari na may play date! Mangolekta ng ilang stuffed animals, mga kotse, mga figurine, o iba pang mga laruan, at mag-birthday party! Hayaan ang iyong anak na magkunwari na siya’y nasa isang party.

Maraming mga ideya ang mga bata tungkol sa kahulugan ng pagiging isang mabuting kaibigan. Isulat ang kanilang naiisip at hikayatin silang gumawa ng kuwento. Maaari kayong magtulungan upang isulat ang mga salita o gumuhit ng larawan, o maaari ring gawin ito ng iyong anak nang mag-isa kung gusto niya.

Kung hindi pa gaano marunong makipaglaro ang iyong anak sa ibang mga bata, simulan ang paglalaro katabi ng ibang mga bata. Kapag nagpatuloy na magtuon ng pansin ang iyong anak sa kanyang sariling laro, at pagkatapos ay sinimulan niyang panoorin ang ibang mga bata, subukang magpalit-palitan ng mga laruan. Sa sitwasyon na ito, ang iyong anak ay may hawak na isang laruan at ang ibang bata ay may hawak na ibang laruan. Maaari mo ring hikayatin ang mga bata na makipagpalitan, o kaya ay ipakita ang mga kilos habang sinasabing “Magpalitan tayo ng mga laruan!”

Magpunta sa playground! Ito ay mainam na mga lugar upang ipraktis ang pakikipagkaibigan dahil kadalasan ay may ibang mga bata sa paligid, at maraming lugar upang maglaro ang mga bata. Ang mga playground ay nag-aalok ng mga natural na pagkakataon upang ipakilala ang iyong sarili, magpalit-palitan, at mag-alok ng tulong.

Magbasa kayo ng libro tungkol sa pakikipagkaibigan o iba pang mga ideya na may kinalaman sa paksang ito. Ilang mga mungkahi:

- *Have You Filled a Bucket Today?* isinulat ni Carol McCloud
- *The Rabbit Listened*, isinulat ni Cori Doerrfeld

Tingnan ang erase=expect respect and a safe education para sa tips at tools tungkol sa anti-bullying at marami pang iba:

<https://www2.gov.bc.ca/gov/content/erase>

Saan

Maaaring ipraktis ng mga bata ang pakikipagkaibigan sa anumang kapaligiran.

Kailan

Maaari kang magpraktis kapag ang mga bata ay nasa iba’t-ibang mga mood (excited, kalmado, pagod). Tandaan na ang skill levels ay paiba-iba batay sa kung ano ang kanilang nararamdaman.



Discovery Toy Basket



Ano

Ang inspirasyon para dito ay ang “Heuristic Play,” isang terminong nilikha ni Elinor Goldschmeid, isang Child Psychologist. Ang ibig sabihin lamang nito ay ang tuklasin ang mga katangian ng mga bagay. Ang aktibidad na ito ay tinatawag ding “Heuristic Toy Basket.”

1

Ihanda ang Kapaligiran

- Maglagay sa isang basket ng iba’t-ibang nahanap na mga bagay, tulad ng mga susi, driftwood, at kagamitan sa kusina, at ibigay ito sa bata nang hindi sinasabi kung paano sila maglalaro.
- Kung wala ka sa tahanan, subukang mangolekta ng may theme na koleksyon ng mga bagay mula sa iyong kapaligiran (halimbawa, mga natural na bagay na mahahanap sa beach o park). Maaaring gumamit ng anumang lalagyan (isang mangkok o bag) na paglalagyan ng iyong mga kinolektang bagay sa halip na gumamit ng isang basket.

2

Maglaro!

Ang larong ito kung saan bahala ang bata kung ano ang gagawin ay mauuwi sa maraming pagkakataon upang magsiyasat, maglikha, at mag-imbento! Bukod pa sa pagdibelop ng creativity, matutunan ng mga bata ang mga batayan ng agham kapag ginagamit nila ang kanilang senses upang malaman kung ano ang mahahanap nila sa basket. Kapag nagtatanong sa iyong anak ng mga bukas na katanungan, masusuportahan mo rin silang magdelop ng kanilang komunikasyon at literacy skills.

Bakit


Sa tulong ng larong ito, matutunan ng mga bata kung paano

- Siyasatin ang mundo, gamit ang kanilang mga katawan at lahat ng kanilang senses
- Madidebelop nila ang kanilang abstract at critical thinking skills, at pati na ang kanilang creativity at invention skills
- Maging independent at magkaroon ng kompiyansa habang nagsisiyasat ng mga bagong bagay
- Pahasayin ang kanilang fine motor abilities sa pamamagitan ng manipulasyon, pagbukas, pagsara, at paghiwa-hiwalay sa mga bagay

Paano

Ang ilang mga iminungkahing bagay ay hair rollers, mga tasa, wooden spoons, isang metal whisk, shaker, isang walang lamang spool, lumang CD, lumang susi, bubble wrap, o maliliit na sample ng carpet at mga retaso. Magsama ng mga natural na bagay at mga materyales tulad ng driftwood, shells, bato, dahon, at pine cones para may iba’t-iba.

Magdagdag ng iba’t-ibang mga bagay tulad ng stacking objects (Russian dolls o measuring cups). Maaari mo ring subukan ang malalaking holen, holiday na dekorasyon, espongha, at garapon ng butones, rubber tubing, acorns, plastic na bulaklak o halaman, kahoy na brush,



Magtanong ng mga bukás na katanungan tulad ng

- “Masasabi mo ba sa akin kung ano ang nahanap mo?”
- “Ano ang nakikita/nahihipo/naririnig mo?”
- “Sa palagay mo ay para saan ito?” Walang mga tama o maling sagot. Tinatanong mo kung ano ang nararamdaman at kung ano ang interpretasyon ng bata sa bagay.
- “Masarap ba ito hawakan (at bakit)?” o “Ano ang nararamdaman mo dito?”

Maglagay ng mas maliliit na mga bagay sa isang bag na gawa sa tela o sa isang medyas. Natural lamang na hahawakan ng bata ang medyas, kahit hindi siya bibigyan ng direksyon, at ipapasok niya ang kanyang kamay sa loob upang malaman kung ano ang mga nakatagong bagay. Magtanong ng mga bukás na katanungan — maaaring natural na magkaroon kayo ng hulaan. Tandaang magtuon ng pansin sa senses upang tulungan ang batang humawak at manghula kung ano ang bagay na nakatago.

Magbasa kayo ng iyong anak tungkol sa mga nahanap na bagay o iba pang mga ideya na may kaugnayan sa aktibidad. Hetong ang isang mungkahi:

- *Ashley Bryan’s Puppets: Making Something from Everything*, isinulat ni Ashley Bryan

Saan

Ang larong ito ay puwedeng laruin kahit saan, pero mainam kung gagawin ito sa isang lugar na sapat para maikalat ng bata ang mga bagay at masiyasat niya ang mga ito nang isa-isa.


Kailan

Ang aktibidad na ito ay maaaring mangyari kahit anong oras, at pinakamainam kung ito ay magagawa nang indibidwal o sa mga maliliit na grupo.

Reference

Ranson, Anna (2010, October 28), *Heuristic Play-Treasure Basket*.

Kinuha mula sa <https://theimaginationtree.com/heuristic-play-treasure-baskets/>



Statue Dance



Ano

Ang mga bata ay interesado sa musika, ritmo, at sayaw. Subukan ang aktibidad na ito kung saan natututunan ang music literacy skills. Hinihikayat ng larong ito ang mga bata na pakinggan ang musika at malaman ang mga sayaw mula sa iba't-ibang mga kultura. Sa pamamagitan ng paglaro ay mapapraktis ng mga bata ang iba't-ibang mga paraan ng pagkilos at pagkontrol sa kanilang mga impulse.

Maraming mga bata ang nakakaalam sa larong "Statue Dance" at gusto nila ito. Sumasayaw o kumikilos ang mga bata sa naririnig na musika, pero kapag pinatay ang musika ay dapat hindi kumilos ang mga bata sa kanilang posisyon ng pagsayaw/kilos. Sa bersiyon ng "statue" na larong ito ay matututunan ng mga bata ang mga awit at mga ritmo ng iba't-ibang mga kultura. Para sa aktibidad na ito ay kailangan mo ng musika mula sa ibang kultura, at makukuha mo ito halimbawa mula sa YouTube, isang music streaming application, o istasyon ng radyo na nagpapatugtog ng world music.

1

Ihanda ang Kapaligiran

- Imbitahin ang iyong anak na maglaro ng sayawan.
- Maghanap o gumawa ng lugar kung saan magagamit ninyong dalawa ang inyong mga buong katawan upang kumilos habang nakikinig sa musika.
- Ipaliwanag na sa larong ito'y magsasayaw kayo sa tugtog ng musika at pagkatapos ay biglang hihinto.
- Magpraktis kayo nang ilang beses gamit ang mga cue tulad ng "Sayaw!" at "Freeze!", nang mayroon o walang musika.

2

Makinig at mag-freeze!

- Makinig sa mga awit mula sa iyong sariling kultura o mula sa ibang mga kultura sa buong mundo at magsayaw kayo habang pinakikinggan ito.
- Habang kayo'y nagsasayaw ay patayin ang musika at sabihing "Freeze!"
- Tingnan kung kailan handa na ang iyong anak para sa ibang awit, o kung kailan magpapalit o tatapusin ang laro. Pag-usapan kung ano ang iyong mga naobserbahan sa pamamagitan ng pagsabi ng, "Mukhang handa ka na para sa ibang bagong awit. Gusto mo bang subukan natin ang susunod?"

Bakit

Sa larong ito, ang mga bata ay

- Matututo ng mga awit mula sa iba't-ibang mga kultura, kabilang ang mga awit mula sa iyong sariling kultura at mga tradisyon
- Makakapagpraktis na makontrol nila nang sarili ang kanilang mga katawan upang itigil ang mga itong sumayaw oras na tumigil na ang musika
- Matututong mas makapagkomunika at matututo ng music literacy skills



Paano

Tanungin ang iyong anak kung aling awit ang nais niyang pakinggan at sayawan. Magsayaw rin kasama ng iyong anak.

Kung ang iyong anak ay hindi pa tumitigil bigla kapag inutos sa kanya ito, tulungan siyang mag-freeze sa pamamagitan ng pagkuha sa kanya o paghawak sa kanyang mga kamay at pag-iba ng expression ng mukha. Sabihing “Freeze!” bawat beses upang matulungan siyang maunawaan ang koneksyon.

Maaaring patayin ng mga bata ang musika kapag gusto nilang mag-“freeze” ang lahat. O kaya’y sundan sila kapag sila’y biglang tumitigil nang hindi pinapatay ang musika.

Humanap ng iba’t-ibang mga uri ng musika mula sa buong mundo na mapapatugtog sa iba’t-ibang mga oras ng araw. Halimbawa, sa umaga o hapon ay magpatugtog ng musikang masigla. Sa gabi naman ay pumili ng musika na mas kalmado at nakapapawi.

Habang nagsasayaw ay magtanung-tanong sa iyong anak: “Ano ang pakiramdam mo kapag pinapatugtog ang awit na ito?” o “Ano ang paborito mong bahagi ng awit?” Ibahagi ang iyong nararamdaman at ibahagi ang iyong paboritong bahagi ng awit upang matulungan siyang makipag-usap.

Tanungin sa iyong anak kung saan niya gustong magsayaw. Ang larong ito ay madaling gawin sa loob o sa labas. Tanungin ang iyong anak “Gusto mo bang magsayaw sa labas? O mas gusto mo bang magsayaw sa loob? Ano ang mas gusto mo?” Hayaan ang iyong anak na pumili kung saan niya gustong maglaro.

Magbasa kayong dalawa ng libro tungkol sa pagsayaw o iba pang mga ideya na may kinalaman sa paksang ito. Ilang mga mungkahi:

- *The Jingle Dancer*, isinulat ni Cynthia Leicht Smith
- *Dance Baby Dance*, isinulat ni Andrea Spalding

Saan


Ang aktibidad na ito ay magagawa kung saan may sapat na lugar para makakilos ang mga bata at kung saan may mapapakinggang musika.

Kailan

Ang aktibidad na ito ay magagawa kahit kailan.



Mag-camping tayo!



Ano

Ang tunay na camping o ang pagkukunwari na mag-camping ay mahusay na paraan upang gawing excited ang iyong anak para sa simula ng springtime weather, at para lumabas nang mas madalas at mag-enjoy sa kalikasan. Heto ang ilang mga magagawa upang magkaroon ng masayang camping experience kasama ng iyong anak:

1

Ihanda ang Kapaligiran:

- Magtayo ng play tents (o maliliit na tunay na tent)
- Maglaan ng mga sleeping bag at gumawa rin ng kunwaring campfire na gawa sa kahoy na brown, pula, orange, at dilaw (o gumawa nito gamit ang lumang paper towel rolls at tissue paper)
- Magpintura kayong dalawa ng iyong anak ng forest mural na may mga puno, langit na punô ng bituin, at ilang mga hayop sa gubat.
- Sabihin sa iyong anak, "Mag-isip tayo ng isang bagay na magagawa natin para sa isa't-isa habang tayo'y nagka-camping."

2

Mga Aktibidad sa Camping:

Tanungin sa iyong anak kung anong uri ng mga aktibidad ang gusto niyang gawin habang nagka-camping. Ang ilan sa mga ideya ay

Mamingwit!

- Kumuha ng isang blow-up paddling pool, o ibang hindi malalim na tub at punan ito ng ginupit na cardboard na isda na may mga paper clip para sa bibig, o kaya'y gumamit ng isda na gawa sa pipe cleaner
- Kumuha ng patpat at gumawa ng fishing poles at lagyan ito ng lubid at mga magnet na nakatali sa dulo, o gumamit ng pipe cleaners na may hugis ng hook
- Kausapin ang iyong anak tungkol sa mga isda na nasa ating mga ilog, lake, at dagat
- Kausapin ang iyong anak kung bakit mahalaga ang isda sa pagkain ng mga tao sa B.C., kasama na ang mga komunidad ng First Nations

Panahon na para sa kuwento

- Kumanta ng camp songs at magkuwento tungkol sa mga multo (siyempre nang naaayon sa kanyang edad), o magkuwento mula sa iyong kultura – mga natutunan o narinig mo noong ikaw ay bata pa mula sa iyong pamilya o komunidad
- Magbasa ng libro mula sa iyong local library o kuwento mula sa iyong bookshelf na nakatutuwag basahin sa tabi ng "campfire"

Siyasatin ang kalikasan sa labas

- Malaking bahagi ng camping ang mag-enjoy sa kalikasan. Kahit na nagkukunwari lamang kayong mag-camping, lumabas kayo ng iyong anak sa inyong backyard o sa malapit na park at tingnan ang mga puno, bulaklak, dahon, at mga hayop sa paligid ninyo. Hipuin at amuyin ninyo ng inyong anak ang iba't-ibang uri ng halaman na alam mo ay ligtas. Pakinggan ang mga huni ng ibon kasama ng iyong anak. Tanungin siya kung ano ang kanyang naririnig, naamoy, at nahihipo.



3

Subukang gumawa ng “Camping Food”

Tanungin ang iyong anak, “Anong uri ng mga pagkain ang gusto mong kainin kapag nagka-camping?” Subukan ang mga nakatutuwang camping foods na masustansiya tulad ng



- **Bannock o Fry Bread:** Ipaliwanag sa iyong anak kung paano ginagawa ang bannock sa mga kahoy sa ibabaw ng apoy. Ihanda kasama ng plain yogurt at berries o patunawin ang keso sa ibabaw o sa gitna. May mahahanap na recipe dito: <https://www.appetitetoplay.com/healthy-eating/recipes/bannock>
- **Potato Boats:** Balutin ang maliliit na patatas sa aluminum foil at i-bake sa oven nang 400 degrees nang mga 30 minuto o hanggang madali na silang tusukin ng tinidor. Hayaan itong lumamig nang kaunti at bigyan ng isa ang iyong anak at hayaan siyang pumili ng toppings tulad ng keso, Greek yogurt, green onions, steamed/diced broccoli, nilutong beans, o manok
- **Banana Splits:** Hayaan ang iyong anak na gawin ito sa pamamagitan ng paglagay ng buo o kalahating saging sa isang sheet ng greased aluminum foil o parchment paper. Pahintulutan ang iyong anak na magpraktis na humiwa gamit ang plastic na kutsilyo upang hiwain nang kalahati nang pahaba ang saging. Hayaan siyang pumili ng toppings tulad ng kinayod na niyog, semi-sweet chocolate chips, granola, berries, at nuts, o seed butter (depende kung may allergies). I-bake ito sa isang 200 degree oven nang 15-20 minuto hanggang malambot na ang mga saging kapag sila’y pinisil ng tongs. Hayaan itong lumamig bago ihanda sa iyong anak sa foil para mukhang talagang kumakain kayo sa camp!

Bakit

Sa larong ito, matututo ang mga bata na

- Bigyan-pansin ang mundo sa kanyang paligid, gamit ang kanyang katawan at senses
- Magtayo, lumikha, at magdisenyo gamit ang iba’t-ibang mga materyales
- Maging creative at expressive sa iba’t-ibang mga paraan (halimbawa, pagkanta, pagkuwento)
- Magdibelop ng sense of wonder para sa mga natural na kapaligiran

Paano

Kasama ng iyong anak, subukan ang mga aktibidad batay sa kanilang hilig.

- Gumawa ng lugar para sa iyong anak upang masiyasat niya ang iba’t-ibang mga aktibidad nang mag-isa, at subukang panoorin siya nang hindi ka napapansin. Obserbahan ang kanyang mga hilig at magtanong ng mga katanungan na naghihikayat sa kanya na magsiyasat.
- Hikayatin ang iyong anak na mag-isip ng mga bagong laro at mga ideya na may camping theme.
- Magbasa ng kuwento kasama ng iyong anak tungkol sa camping o sa ibang mga ideya na may kinalaman sa aktibidad. Heto ang isang mungkahi:
 - » *Scaredy Squirrel Goes Camping*, isinulat ni Melanie Watt
- Puntahan ang BC parks: <http://www.env.gov.bc.ca/bcparks/reserve/>

Saan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin sa loob o labas ng bahay. Nakatutuwang at kapana-panabik lagi ang pagkukunwaring nagka-camping.

Kailan


Subukan ang mga aktibidad na ito sa umaga o hapon. Ang kuwentuhan ay maaaring gawin kahit anong oras.

Reference

Child Health BC. (2017). Appetite to Play.

Kinuha mula sa <https://www.appetitetoplay.com/healthy-eating/tips-ideas/lets-go-camping>

Mystery Tube



Ano

Subukan ang larong ito kung ang iyong anak ay mukhang interesado sa pag-manipula ng mga bagay, pagtago ng mga mas maliliit na bagay sa mas malalaking bagay, o kung curious siya sa iba't-ibang mga parte ng mga laruan o bagay.

Sa larong ito, mag-eksperimento ang iyong anak at huhulaan niya kung ano ang maaaring mangyari kapag pinagulong niya papasok sa isang tube ang mga bola na may iba't-ibang laki (ang poster tube, o piping para sa construction ay mainam din gamitin).

1

Ihanda ang Kapaligiran

- Magagamit mo ang mga poster tube na natanggap ng mga tao sa koreo. Kadalasan ay ibibigay nila ito sa iyo nang libre. Maaari kang gumamit ng tennis balls o iba pang mga bola kung mayroon.

2

Maglaro!

Magsimula gamit ang isang bola na nagkakasya sa tube. Ipasok ito sa isang butas at angatin ang tube kung saan mo ipinasok ang bola para lumabas ang bola sa kabilang butas. Sabihin sa iyong anak kung ano ang iyong ginagawa. "Ipasok natin ang bola dito. Kasya kaya? Oo! Ano ang mangyayari kung inangat ko ang tube? Wow! Lumabas sa kabilal!"

Tingnan ang bata sa kabilang butas ng tube. Pasubukan ito sa bata at sabihin kung ano ang nangyayari. Subukang ingiwi ang iyong mukha sa iba't-ibang paraan na magagaya o malalarawan ng iyong anak.


Oras na nagkaroon na ng pagkakataon ang bata na gamitin ang tube at bola, maaari kang magdagdag ng iba pang bola na iba't-iba ang laki. Ang ilan sa mga ito ay magkakasya, ang iba ay hindi. Subukang ilarawan sa iyong anak kung ano ang kanyang ginagawa, habang ito'y ginagawa niya. "Ipinasok mo ang bola sa tube!"

Mag-enjoy sa pag-eksperimento ninyong dalawa at pag-usapan kung ano ang nangyayari upang dagdagan ang pag-unawa at bokabularyo ng iyong anak. Gumamit ng mga salita tulad ng "malaki, mas malaki, pinakamalaki, maliit, mas maliit, pinakamaliit, kasya, hindi kasya." Tanungin ang bata kung ano sa palagay niya ang mangyayari (paghula).

Bakit

Sa larong ito, ang mga bata ay matututo kung paano

- Siyasatin ang dalawang bagay at kung ano interaksyon ng mga ito sa isa't-isa sa isang bagong paraan
- Hulaan kung ano ang maaaring mangyari (dito nagsisimula ang maraming siyentipikong eksperimento)
- Maunawaan ang bagong bokabularyo at mag-iisip siya tungkol sa numerical concepts, tulad ng pagbilang sa dami ng mga bola na ipinapasok mo sa tube, at pag-uusap tungkol sa mga kulay at kalakihan ng mga bola



Paano

Maaari mong simulan na paglaruan ang tube at bola nang hiwalay. Maglaro ng peekaboo o taguan gamit ang butas sa tube, at pagulong-gulungin ang bola. Oras na pamilyar na ang bata sa dalawang bagay, maaari mo na silang paglaruan nang sabay.

Pagulongin ang bola sa loob ng tube at pagkatapos ay bigyan ang iyong anak ng ilang panahon upang tingnan at subukang gawin ito. Punahin kung ano ang nangyayari. Maaari mong pahulaan sa iyong anak kung ano ang mangyayari, tulad ng, “Ano ang mangyayari kung ipinasok mo ang bola at hindi mo inangat ang tube?” Maaari ka rin maglabas ng mga bolang iba’t-iba ang laki. Ang ilan ay magkakasya at ang ilan ay hindi. Subukan ang mga katanungan tulad ng, “Ano ang mangyayari kapag nagpasok ka ng mas maliit na bola o mas malaking bola?” Masusubukang hulaan ng iyong anak kung ano ang mangyayari.

Subukang tanungin ang iyong anak, “Ano pa ang magagawa mo sa mga materyales na ito?” Baka gusto nilang magtayo ng isang istruktura na may mga ramp o iba’t-ibang uri ng tracks. Hikayatin siyang mag-eksperimento at subukan ang iba’t-ibang mga uri ng materyales, mga bola, at mga bagay, at hulaan kung ano ang mangyayari.

Magbasa ng isang kuwento kasama ng iyong anak tungkol sa pagsiyasat o tungkol sa ibang mga ideya na may kinalaman sa aktibidad. Heto ang isang mungkahi:

- *Not a Stick*, isinulat ni Antoinette Portis

Saan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin sa loob o labas ng bahay.


Kailan

Tulad ng lahat ng mga aktibidad, mainam na maglaro kapag ang iyong anak ay hindi inaantok o hindi gutom at siya’y alerto at handang maglaro.

Reference

Community Action Program for Children (CAPC).

Kinuha mula sa <https://www.canada.ca/en/public-health/services/health-promotion/childhood-adolescence/programs-initiatives/community-action-program-children-capc.html>



Orchestra



Ano

Bago pa man isilang ang mga sanggol, namamalayan na nila ang kanilang mundo sa pamamagitan ng tunog. Ito man ang tibok ng puso ng ina, mga boses ng kanilang mga magulang, o musika, nadidibelop ng mga bata ang pundasyon para sa wika at komunikasyon sa pamamagitan ng mga tunog na ito.

1

Ihanda ang Kapaligiran

- Magpakita ng mga bagong instrumento (o mga bagay na tumutunog) sa iyong anak. Ang “mga instrumentong ito” ay maaaring maging mga kaldero, plastic cup, mga bagay na kumukuliling, isang pito, o anumang bagay na gumagawa ng nakakaaliw na tunog. Maglaan ng sapat na panahon para masiyasat ng iyong anak ang mga ito nang husto. Makakatulong ito sa kanya na magtuon ng pansin sa patnubay na ilalaan sa ibang bahagi sa aktibidad.
- Tulungan ang iyong anak na mag-eksperimento sa iba’t-ibang mga tono, ritmo, at mga tunog sa pamamagitan ng paggamit ng iba’t-ibang mga instrumento.
- Habang pinaglalaruan ng iyong anak ang mga instrumento, makipaglaro sa kanya. Punahin ang mga ito at magkuwento tungkol sa musika na pareho ninyong nagugustuhan, o mga musikang narinig ninyong dalawa. Matutulungan nito ang mga bata na iugnay ang mga pangyayari at ang mga kapaligiran.
- Mainam ang gumamit ng noise-cancelling headphones para sa mga batang sensitibo sa tunog para makapaglaro sila nang hindi sila masobrahan sa tunog.

2

Gamitin ang Instrumento sa isang Orchestra!

- Ipaliwanag ang tungkulin ng conductor sa isang orchestra. Pag-usapan ang iba’t-ibang uri ng mga instrumento at ipakita kung paano pinapatnubayan ng isang conductor ang orchestra sa pamamagitan ng pagkumpas o pag-conduct. Ipahayag kung gaano kahalaga ang tungkulin ng conductor bilang pinuno ng grupo at ang paggamit ng isang baton sa pag-conduct.
- Humanap ng bagay na magagamit bilang baton ng conductor, tulad ng isang wand o kahoy na kutsara. Ikumpas-kumpas ang baton at subukan ninyong dalawang hulaan ang magiging tunog ng bawat kilos. Subukan ang mga kilos at mga interpretasyon na ito o gumawa ng sarili ninyong kilos at interpretasyon; ikumpas nang dahan-dahan ang baton mula kaliwa hanggang kanan (free play), at itaas ito (malakas na tunog), ibaba ito (mahinang tunog/tahimik), at mag-tap sa hangin (nang malaman ang beat). Itaas ang iyong kamay nang bukás ang palad at isara ito at gawing kamao, at ipaliwanag na ito’y nangangahulugang gusto mong huminto ang musika; o kaya’y maaari ninyong dalawa pagpasiyahan kung ano ang kahulugan ng iba’t-ibang mga kilos. Ipraktis ang mga kilos na ito nang ilang beses.
- Kumilos sa isang lugar habang dala-dala ang mga instrumento, na parang nagmamartsang banda; maghihikayat ito ng pagkilos o pagmartsa sa musika, at sa gayon ay mainam ito sa large motor development.



Bakit

Sa pamamagitan ng gawaing ito, ang mga bata ay

- Magdidibelop ng kompiyansa at pakiramdam na siya'y kabahagi, at kompiyansa sa sarili
- Huhusay sa kaalaman at komunikasyon
- Magdidebelop ng artistic expression at kagustuhan sa musika
- Matututo kung sino ang mangunguna, kung ano ang kooperasyon, at kung paano makinig

Paano

Ang lahat ay maaaring magsalit-salit at mabigyan ng panahong maging conductor, at maaaring pumili ng bilis at ritmo ng orchestra. Kailangan minsan ng mga bata ng suporta sa pagsalit-salit kaya't makakatulong sa kanila ang isang visual aid, tulad ng isang sand timer o egg timer, na maunawaan kung gaano katagal ang ilalaan na panahon sa bawat isa.

Gamitin ang pagkakataong ito upang turuan siya ng bagong bokabularyo tulad ng ritmo, tempo, orchestra, conductor, baton, volume, at beat. Hikayatin ang mga bata na pumalakpak pagkatapos ng bawa't conductor, dahil nagbibigay ito ng mabuting pakiramdam at kompiyansa sa mga bata.

Maghanda ng performance! Magpraktis kayong dalawa nang ilang beses sa pamamagitan ng paggamit ng iba't-ibang mga instrumento. Mainam din ang dagdagan ang aktibidad na ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga costume, pag-imbata ng mga ibang manonood, at paghanda ng stage at lugar para sa isang audience.

Mainam din ang magdagdag ng mas komplikadong bokabularyo na may kinalaman sa tiyempo (ito ay ang bilis ng pagtugtog ng musika): *presto* (mabilis na mabilis), *allegro* (mabilis/lively), *moderato* (katamtaman), *andante* (katamtaman ang bagal o mabagal na paglakad), at *adagio* (mabagal na mabagal).

Pumili kayo ng mga awit o musika at magpraktis na mag-conduct at tumugtog sa sariling tiyempo o sa tiyempo ng musika.

Magbasa kayo ng libro tungkol sa pagtugtog sa isang orchestra o iba pang mga ideya na may kaugnayan sa paksang ito. Ilang mga mungkahi:

- *The Orchestra Pit*, isinulat ni Johanna White
- *Play This Book*, isinulat ni Jessica Young

Tingnan ang Performing Arts BC para sa mga regional festivals of the arts: <http://www.bcprovincials.com/>

Saan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin sa loob o sa labas.

Kailan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin kapag ang mga bata, pamilya, o caregivers ay handa na para sa mga tunog at ingay.



Kuwentong Ginawang Personal



Ano

Ang mga bata ay maaaring mahirapan nang kaunti sa pag-adjust sa mga rutina o mga bagong karanasan. Maaaring makatulong kapag gumawa ng Personal na Kuwento upang makatulong sa mga transisyon, habang sinusuportahan din ang early literacy ng bata. Sa aktibidad na ito, pag-uusapan at isusulat mo at ng iyong anak ang isang bagay na bago o nakakahamon.

1 Ihanda ang Kapaligiran

Kausapin ang iyong anak tungkol sa isang nakakahamong karanasan o rutina. Ipaliwanag sa kanya na magsusulat kayong dalawa ng kuwento tungkol sa itsura nito, mga pakiramdam tungkol dito, at mga taong kalahok dito. Maaaring piliin ng iyong anak ang isang paksa. Ang ilang mga karaniwang paksa ay

- Paghanda sa umaga para sa paaralan o child care
- Paghanda para matulog
- Pagsubok ng mga bagong pagkain
- Pagpunta sa doktor
- Pagpunta sa dentista

2 Maghanda ng mga retrato o drawing

Gumuhit o maghanda ng mga retratong may kinalaman sa iyong paksa. Kung may magagamit kang computer at printer, marami kang magagamit na libreng clip art images online. O kaya'y maaari kang gumuhit at magkulay ng iyong mga sariling drawing.

3 Magsulat ng ilang mga salita o mga pangungusap para sa mga picture.

Ang mga salita at pangungusap ay dapat ispesipiko hangga't maaari, gamit ang mga pangalan, mga iba't-ibang emosyon, at mga sitwasyon na pamilyar sa iyong anak. Ang mga prase ay dapat simple, malinaw, at dapat nito kapareho ang perspektibo ng iyong anak. Kailangan kasama sa kuwento ang buong rutina, mula simula hanggang sa katapusan, at dapat maganda ang katapusan ng kuwento. Ang ilang mga halimbawa ay

- Sa paaralan, gusto ko ang...
- Nakakatakot kapag...
- Maaari akong humingi ng tulong kapag...
- Ang aking caregiver ay talagang matutuwa kapag ako'y...

4 Gawin ang iyong Personal na Kuwento

I-staple nang magkasama ang mga picture upang gumawa ng booklet, o kaya'y gumamit ng malaking pirasong papel o poster board upang ipakita ang mga retrato nang sunud-sunod. Kung magbabago ang rutina, mainam na hiwa-hiwalay ang mga picture para mapaghalo-halo sila nang maitugma sa iba't-ibang mga pagkakasunud-sunod na pangyayari.

5 Magbasa o sabihin ang Personal na Kuwento



Bakit

Layunin ng aktibidad na ito ang

- Paghiwa-hiwalayin ang pagkakasunud-sunod ng rutina ng isang bata nang simulan ang pag-uusap tungkol sa mga maaaring maging hamon. Mainam ito para sa mga emosyon at nakakatulong ito sa pagdibelop ng wika tungkol sa mga nararamdaman.
- Makatulong na madagdagan ang bokabularyo habang ginagawa ang Personal na Kuwento at patuloy na gamitin ang bokabularyo.
- Pahasayin ang narrative skills ng bata. Ang mga Kuwentong Ginawang Personal ay mainam para sa pagkukuwento at ito'y mabisang paraan upang pahasayin ang early literacy skills.
- Magdibelop ng creativity sa pamamagitan ng pag-isip ng paksa para sa kuwento at pagguhit ng mga picture para sa paksa.

Paano

Mag-isip kayong dalawa ng Kuwentong Ginawang Personal. Tingnan ang iba't-ibang mga picture at magtulungan upang pumili, kulayan, at ayusin ang mga picture.

Kapag binabasa ang kuwento, pag-usapan ang iba't-ibang mga aspeto nito at magtanong ng mga bukás na katanungan. Halimbawa, kung ang kuwento ay tungkol sa "Paghanda upang Matulog," mainam ang tanungin: "Ano ang paborito mong bahagi sa paghahanda upang matulog?" "Ano ang pinakamahirap?"

Ang mga kuwento ay maaaring pag-usapan at rebyuhin sa pamamagitan ng pagtingin sa mga picture at pagtukoy sa ilan sa kanila. Hilingin siyang ilarawan ang mga picture habang tinitingnan ninyo ang mga ito.

Ilang mga iba pang paraan ng interaksyon

- Pag-usapan kung ano ang nasa mga picture
- Magpraktis sa pagbilang ng mga pahina o mga bagay
- Gumawa ng rhymes o pagtutugma
- Mag-compose ng awit batay sa mga picture, mga paksa, o mga salita

Magbasa kayong dalawa ng libro tungkol sa mga nakakahamong rutina o iba pang mga ideya na kaugnay ng paksang ito. Ilang mga mungkahi:

- *The Kissing Hand*, isinulat ni Audrey Penn
- *Froggy Gets Dressed*, isinulat ni Jonathan London

Saan

Ang mga Kuwentong Ginawang Personal ay maaaring gawin sa tahanan, sa isang library, classroom, o sa community centre.

Kailan

Ang Kuwentong Ginawang Personal ay maaaring basahin kahit kailan. Sila'y madadalá kahit saan at magagamit kapag kinakailangan. Lalo nang mainam ang mga Kuwentong Ginawang Personal kapag sila'y ginamit bago gumawa ng rutina upang matulungan ang iyong anak na maghanda, o pagkatapos ng isang rutina upang mapag-isipan niya ang kanyang naranasan.

Reference

Hotson, D. Adapted from Vancouver Public Library Workshop-
Parent's Time Out: Familiar Routines and New Experiences.

Kinuha mula sa <https://www.autism.org.uk/about/strategies/social-stories-comic-strips.aspx>





Reuse, Recycle, at Create o Maglikha

Ano

Gawing simple ito para suportahan ang creativity at pagsisiyasat ng mga bata!

1

Ihanda ang Kapaligiran

- Sa isang mesa o patag na ibabaw, maglagay ng iba't-ibang recyclable na mga bagay tulad ng mga plastic na botelya, papel, at cardboard tubes o mga kahon.
- Hilingin ang iyong anak na mangolekta ng mga bagay tulad ng tape, glue sticks, lubid, at gunting.

2

Magsiyasat

- Hikayatin ang iyong anak na magsimula!
- Tanungin siya, "Ano kaya ang magagawa natin gamit ang mga ito?"

Bakit

Ang aktibidad na ito ay naghihikayat sa mga bata na magplano at gumawa ng mga bagong bagay at maglutas ng problema habang gumagawa o lumilikha ng design o sculpture.

Sa larong ito, matututo ang mga bata

- Na malaman kung paano maaaring maapektuhan ng kanilang mga aksyon ang kalikasan at ang planeta
- Sa abstract at critical thinking skills, creativity, at innovation
- Na magdibelop ng wika at komunikasyon

Oras na ito'y nakompleto, ang mga bata ay magkakaroon ng kompiyansa at mararamdaman nilang sila'y may bagong nalikha.

Paano

Magbigay ng pagkakataon para sa iyong anak na magsiyasat ng mga bagay gamit ang kanilang senses. Mamanipulahin ng mga bata ang iba't-ibang mga bagay at sisimulan nilang magsiyasat, magtasa, at magtanong. Ang ilang mga bagay na maimumungkahi ay mga karton ng itlog, mga walang lamang bote ng gatas, mga tin (huwag isama ang mga lata kung sila'y matalim at delikado), mga plastic na lalagyan, mga lumang CD, o pambalot ng regalo at mga ribbon.

Magdagdag ng iba pang mga piraso ng laruan, plastic caps, plastic straws, plastic o foam mesh, o mga piraso ng Styrofoam. Hikayatin ang bata na ipaliwanag kung ano ang kanilang ginagawa at kung paano nila ito ginagawa. Kung humingi ng tulong ang iyong anak, subukang magtanong ng mga bukás na katanungan upang hikayatin siyang humanap ng mga solusyon nang mag-isa. Halimbawa, "Sinasabi mo sa akin na nahihirapan kang panatilihin nakatayo ang tore. Ano pa ang ibang mga bagay na magagamit mo para hindi ito matumba?"



Depende sa interes ng bata, mainam din ang maglagay ng images ng mga hayop, istruktura, o mga bagay na maaari nilang gayahin gamit ang recycled items. Magtanong tungkol sa recycling — tulad ng kung anong mga bagay ang maaaring i-recycle, kung paano nire-recycle ang mga bagay, at kung saan maaaring gamitin ang recyclable items. Madaragdagan nito ang kaalaman ng bata tungkol sa responsibilidad sa lipunan hinggil sa kanilang sariling komunidad o ibang mga komunidad at sa mundo.

Magbasa ng libro kasama ng iyong anak tungkol sa recycling o iba pang mga ideya na na may kinalaman sa aktibidad. Hetong isang mungkahi:

- *The Most Magnificent Thing*, isinulat ni Ashley Spires

Saan

Ang larong ito ay puwedeng laruin sa isang patag na ibabaw: mainam kung sa mesa, sa loob o labas ng bahay.

Kailan

Ang aktibidad na ito ay maaaring mangyari kahit anong oras, at pinakamainam kung ito ay magagawa nang indibidwal o sa mga maliliit na grupo.

